

Artikulo

**PAGSASAHIMPAPAWID NG LOKAL NA MUSIKANG *COUNTRY*
NG MGA KANKANA-EY, IBALOI, AT ILOKANO SA MGA ISTASYON NG RADYO
SA LUNSOD NG BAGUIO (1960-2015)***

Jason Paolo R. Telles
Department of Communication
Unibersidad ng Pilipinas - Baguio

Abstrak

Madalas nang nailalathala at naitatampok sa mga akademikong literatura at *popular media* ang mga pag-aaral ukol sa mga tradisyunal na uri ng musika ng mga pangkat-etniko sa Kordilyera. Ngunit maliit na bilang lamang ang naililimbag ukol sa mga makabagong anyo at uri nito, pati na rin kung paano ito itinatampok sa mga istasyon ng radyo. Kasama na rito ang kasaysayan ng pagsasahimpapawid ng mga awiting *Country* na isinulat ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at maging ng mga Ilokano mula sa Baguio at Benguet. Nilalayon ng pag-aaral na ito na maging panimulang sanggunian ukol sa nasabing paksa. Bilang balangkas teoretikal, itinuturing ng pag-aaral na ito na produkto ng pag-aangkin ang paggamit ng radyo upang maisahimpapawid ang mga lokal na awiting *country* na binuo ng mga Kankanaey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet. Upang mabuo ang naratibo ng kasaysayang ito, kinapanayam ng may-akda ang mga beterano at kasalukuyang anawanser, may-ari, at kawani ng mga istasyon ng radyo na nagpapatugtog ng mga lokal na awiting *country* sa Baguio. Ginamit ding sanggunian para sa pag-aaral na ito ang mga lumang dokumento at mga balita at patalastas sa mga lumang isyu ng mga pahayagan sa Baguio.

PANIMULA

Kapag pinag-uusapan ang musika ng mga pangkat-etniko mula sa Kordilyera, madalas na iniisip ang mga tradisyunal na anyo nito. Sa bawat probinsya, bayan, at maging sa kani-kanilang komunidad, mapapansing mayaman sila sa iba't ibang uri ng mga gawain at gamit na may kinalaman sa musika. Halimbawa ng mga ito ang musika ng mga

Tinggian/Tinguian mula sa lalawigan ng Abra tulad ng *daleleng* na inaawit nila tuwing mayroon silang kasiyahan at *salagintok* na ginagamit upang maipahiwatig ang pagkakaibigan at pag-ibig (Rodell 2002, 174). Nariyan din ang *day-eng* na isang uri ng *courtship chant* ng mga Kankana-ey (Yoneno-Reyes 2002, 47), ang awiting pampatulog ng bata na tinatawag na *owiwi*, at ang mga awiting naglalaman ng pagbati at pagpayo na tinatawag na *tamuyong*, *dango*, at *oggayam* na inaawit tuwing may kasal sa Kalinga (Santos 2015).

Subalit may mga musikang ginagamit at inaawit ang mga katutubo, lalo na ng mga namumuhay sa kasalukuyang panahon, na hindi masyadong inaaral o binibigyang-pansin. Halimbawa nito ang lokal na musikang *country* mula sa Baguio at Benguet na inaral ni Jimmy Fong (2006; 2007), ang *Ethnopop* mula sa Kalinga na inaral ni Scott Magkachi Saboy (2013), at ang makabagong anyo ng *Salidummay* na inaral ni Michiyo Yoneno-Reyes (2010).

Isa sa mga mapapansin sa lunsod ng Baguio at lalawigan ng Benguet ang paggamit ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano doon ng mga damit, kabayo, at iba pang kagamitan at ang pagsunod nila sa mga gawaing kahawig ng mga ginagawa ng mga *cowboy* sa Estados Unidos. Tinatawag itong *kinnoboyan* na ayon kay Fong (2007, 112) ay isang salitang ginagamit ng mga naninirahan sa lalawigan upang ilarawan ang kanilang paggaya sa mga gawain ng mga *cowboy*. Kasama sa mga inangkin ng mga mga nasabing pangkat-etnikong nakatira sa Baguio at Benguet ang musikang *country* na pinapaniwalaang nagsimulang irekord sa timog at timog-kanlurang bahagi ng Amerika, partikular na sa Atlanta, Georgia, noong 1923 (Peterson 1997, 4-5).

Pag-aangkin ng Musikang Country ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet

Ang paggamit ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at maging mga Ilokanong naninirahan sa Baguio at Benguet sa musikang *country* ay maituturing na halimbawa ng apropiyasyon (*appropriation*) o pag-aangkin. Ayon sa postkolonyal na pananaw, naglalarawan ang proseso ng apropiyasyon sa mga paraan kung paano ginagamit ng mga lipunang dating sinakop ang iba't ibang bahagi at aspekto ng kultura ng kanilang kolonyalista upang mabigkas at katawanin nang mas maliwanag at mas tama ang kanilang kultural at sosyal na identidad o pagkakakilanlan (Ashcroft *et al.* 2007, 15).

Bukod sa apropiyasyon na hango sa diskurso ng postkolonyalismo, maituturing din ang paggamit ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano ng musikang *country* bilang isang porma ng “pag-aangkin” na bahagi ng dalumat ng *Sikolohiyang Pilipino* na itinaguyod ng mga akademiko tulad ni Virgilio Enriquez. Aniya, sa pananaliksik o “pagsusuri ng wika,

kultura, at literatura ng sikolohiya sa Pilipinas mapapansin na may mga konseptong katutubo at mayroon din namang mga konseptong ‘inaangkin’ (Enriquez 1976, 12). Ang mga pag-aangking ito ay itinuturing na “indihenisasyon mula sa labas” o “pag-aangkin ng mga konsepto mula sa banyaga sa pamamagitan ng pagsasalin, pag-aandukha, at kultural na asimilasyon ng mga ito sa karanasan ng mga Pilipino” (Rodriguez-Tatel 2015, 115).

Hindi lamang sa mga ideya at teorya ng mga diskurso ng sikolohiya mula sa labas maidudugtong ang konsepto ng “pag-aangkin.” Makikita rin ito sa paggamit ng mga Pilipino sa mga kultural na produkto o imbensyong nagmula sa kanilang mga dating mananakop. Maituturing na “indihenisasyon mula sa labas” ang paggamit ng *genre* na *country* ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet dahil kanilang isinagawa ang “pagsasalin” sa pamamagitan ng mga liriko na kanilang inilalapat dito. May dalawang uri ng pagsasalin ang ginagawa rito. Unang uri ang paglapat ng ilang katutubo ng kanilang bernakular (*vernacular*) na liriko sa mga orihinal na tono ng mga awiting *country* na isinulat ng mga dayuhan. Ayon kay Fong (2007, 113), matatawag ang gawaing ito bilang abrogasyon (*abrogation*) o pagtanggì ng mga nasakop na isagawa ang wastong paggamit ng wika at kultural na produkto ng mga kolonyalista. Mapapansin ito sa pagbabalewala ng mga musikero sa Baguio at Benguet sa karapatang-ari ng mga orihinal na kompositor ng mga tono na kanilang ginamit. Ang pangalawang uri ang tuluyang paggawa ng mga orihinal na tono at bernakular na liriko ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano gamit ang *genre* na *country*.

May pag-aandukha ring nagaganap dito. Ayon kay Enriquez (1976, 14), ang pag-aandukha ay ang “pagbibigay ng katutubong kahulugan sa ideya at salitang hiram.” Kung susundin ang kahulugang ibinigay ni Enriquez, ang *genre* na *country* ay nabigyan ng “katutubong kahulugan” ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet nang kanila itong gamitin. Isinaad ni Fong (2007, 113) na sa pamamagitan ng pag-aangkin ng musikang *country*, ginamit ng mga pangkat-etniko mula sa Baguio at Benguet ang isang estilo at anyo ng musika ng mga mananakop na Amerikano upang ipahayag at ipabatid ang kanilang kultura, pagkakakilanlan, at personal at kolektibong karanasan. Ayon sa kanya:

Although unoriginal in form, contemporary Cordillera songs constitute sign systems for several things. They point to difficult colonial experiences. The local languages used in the songs clarify the dynamic lived experiences of a people exercising their agency in an unevenly American-led globalizing world. We hear the voices of a people in the margins who cannot continue to be represented as frozen to a primitive past, even if perhaps their physical conditions still appear to be. In other words, the songs constitute an “ethnography” of the producers’ and consumers’ own cultures (Fong 2007, 118).

Sa katunayan, sa kanyang isinagawang panunuring tekstwal (*textual analysis*) sa mga lokal na awiting *country* ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano, napagmasdan ni Fong (2006; 2007) na karamihan sa mga ito'y may mga temang nagpapakita ng kanilang sariling interpretasyon at reinterpretasyon ng kanilang kasaysayan, kanilang paniniwala at pananaw ukol sa espasyo at heograpiya, at kanilang pananaw at karanasan sa kamakabaguhan (*modernity*).

Makikita rin ang kultural na asimilasyon ng *genre* na *country* sa karanasan ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet. Naging bahagi na ito ng pamumuhay ng mga pangkat-etniko sa mga lugar na ito. Sa katunayan, bahagi ang musikang *country* sa mga isinasagawa ng mga indibidwal o grupo na sumusunod sa *kinnoboyan* na pamumuhay sa Baguio at Benguet. Isa pang halimbawa ng asimilasyon ay ang paggamit ng tono ng mga awiting *country* mula sa Amerika bilang tono sa kanilang *day-eng* o mga *courtship chant* (Yoneno-Reyes 2002, 47).

Ayon sa pananaliksik ni Yoneno-Reyes (2002, 47), ang mga Amerikano ang pangunahing nakaimpluwensya sa paglago ng popularidad ng musikang *country* sa Kordilyera. Dagdag pa niya, tuluyan itong naging tanyag pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil ipinakilala ng mga gurong Amerikano sa mga mag-aaral sa mga paaralan sa Kordilyera sa panahong ito ang musikang *country* (Yoneno-Reyes 2002, 47). Ang epekto nito ay ang paggamit ng mga pangkat-etniko sa Kordilyera ng musikang ito sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at sa kanilang mga tradisyon. Muli, halimbawa nito ang paggamit ng tono ng mga awiting *country* mula sa Amerika bilang tono sa kanilang mga tradisyunal na gawain tulad ng *day-eng* (Yoneno-Reyes 2002, 47).

Isa rin sa mga unang halimbawa ng pag-aangkin ng musikang *country* sa Kordilyera ang awiting *Nan Layad Nan Likatan* (*The Love We Have Suffered For*) na isinulat ng dating Bise-Gobernador ng Mountain Province na si Timothy D. Chaokas. Noong siya pa'y isang guro noong dekada 1960, kanyang nilapatan ng mga liriko ang tono ng awiting pangsimbahan ng mga Protestante na *When There's Love at Home* na itinuro sa kanila ng mga misyonero mula sa Amerika (Reyes 2002, 54; Fong 2006, 46). Mula sa Ingles na liriko, binigyan niya ng bagong kahulugan ang tonong ito sa pamamagitan ng paglalapat ng kanyang lirikong Kankana-ey. Bukod sa pag-iiba ng wika, iniba rin niya ang mensahe nito. Ang bagong lirikong ginawa ni Chaokas ay naghahayag ng kuwento ng isang nabigong pag-iibigan ng isang lalaki at isang babae at ang pagsusumamo ng umaawit nito na magbalik ang kanilang dating pagmamahalan (Fong 2006, 45-46). Ang awiting ito ay hiniram ni Pedro Chimalpan, na isang drayber ng bus ng Dangwa Tranco mula sa bayan ng Bontoc sa Mountain Province, upang irekord. Pagkatapos nito, binili ng dating Kinatawan ng dating Mountain Provinces sa Kongreso ng Pilipinas na si George Tate kay Chimalpan ang kanyang ini-rekord. Simula noon, naging tanyag ang awiting iyon sa ilang komunidad ng Kankana-ey at Bontoc (Reyes 2002, 54; Fong 2006, 46). Sumunod dito ang

pagpasok ng iba pang mang-aawit sa paggawa ng kanilang sariling album o koleksyon ng kanilang awitin.

Ang mga banda, mang-aawit, manunulat at prodyuser ng mga lokal na musikang *country* ay may sariling organisasyon na kanilang pinangalanang *Cordillera Entertainers Baguio-Benguet-Based Association, Inc.* (CEBBAI). Sa kasalukuyan, ibinebenta ang mga CD, VCD, at DVD ng mga ito sa mga lokal na *music store* na makikita sa *Baguio City Public Market*, sa *Shopper's Lane* na malapit sa *University of Baguio*, sa *Baguio Center Mall*, at iba pang lugar sa Baguio at Benguet. Maging ang mga nagbebenta ng mga *pirated* album at pelikula ay pinirata na rin ang mga album ng mga lokal na awiting *Country*. Ayon kay Andrew Paulino (2015), isang lokal na mang-aawit sa Benguet, ang ilang mang-aawit at prodyuser ay nagtitiyagang magpunta sa mga bahay-bahay upang personal na ilako ang kanilang mga gawa. Naisama na rin sila bilang mga taga-alihw sa ilang lokal na bar at iba pang establisimiyento sa Baguio tulad ng *Baguio Country Sounds* na isang bar sa Magsaysay Avenue, *Amarillo Country Bar* sa Legarda Road, at sa ilang bahagi ng lalawigan ng Benguet tulad ng *Ba-Be's (Baguio-Benguet) Country Apartelle* at *Kortyards Music Lounge and Grill* sa Samonte Compound sa bayan ng Tuba.

Sa kasalukuyan, hindi na lamang mga simpleng rekord ang produkto ng mga mang-aawit ng lokal na musikang *country* sa lunsod. Ginagamit na rin ang kanilang mga awitin bilang nilalaman ng mga programa sa radyo, sa ilang lokal na istasyon ng telebisyon, at maging sa mga DVD na naglalaman ng mga *music video* ng kanilang mga awitin. Sa radyo, *DZWT Radyo Totoo*, *DZWR 99.9 Country*, *DWUB Z-Radio*, at *DZWX Bombo Radyo Baguio* ang madalas magpatugtog ng mga ito.

Ang paggawa naman ng mga *music video* ng mga awiting ito ay nagsimula noong unang bahagi ng dekada 2000 noong nagkaroon ng pangangailangan para sa mga kantang may bakgawnd. Ayon sa isang panayam kay Marcons Dayaoen, iminungkahi ng mga naglalako mula sa *Baguio Public Market* ng mga pelikula at awiting ginawa ng mga katutubo ng Kordilyera na gumawa rin sila ng mga *music video* dahil sa kadahilanang ito (De Velez *et al.* 2013, 57-58). Dahil dito, sinimulan ni Sammy “Samiklad” Dangpa ang paggawa ng unang *music video album* ng kanyang mga awitin. Kalaunan, pinamagatan niya itong “Igorota 1.” Samantala, ang album na may pamagat na *Ket-e Manlayad Kristo* (Pagmamahal ni Kristo) na ginawa ni Nardo Dongpoen ang kauna-unahan namang komersyal at naibentang *music video* sa rehiyon ng Kordilyera (De Velez *et al.* 2013, 58).

Ang una namang naisapublikong *music video* ng isang lokal na awiting *country* ay ang ginawa ng isang pastor na nagngangalang George Eng-enga kasama ang *Tawid Band* upang ipalaganap ang kanilang paniniwala. Ang *music video* na pinamagatang *Hesus Sik-a Yangkhay* (Ikaw Lamang Hesus) ang unang naipalabas na lokal na *music video* sa pamamagitan ng isang lokal na pang-Kristiyanong istasyon na nagngangalang *Angel*

Channel (De Velez *et al.* 2013, 58-89). Sa kasalukuyan, inilagay na rin ng ilang mang-aawit at ilan sa kanilang tagasunod ang mga *music video* ng mga lokal na awiting *country* sa mga websayt tulad ng *Youtube* at *Facebook*.

Pag-aangkin ng Radyo sa Pilipinas: Panteoryang Balangkas

Kung susundin ang tatlong sangkap ng pag-aangkin (pagsasalin, pag-aandukha, at kultural na asimilasyon), ang paggamit ng mga Pilipino sa radyo ay isa ring porma nito. Ang proseso ng pagsasalin ay mapagmamasdan sa paggamit ng mga lokal na wika sa Pilipinas sa mga nilalaman ng mga programa at patalastas sa radyo. Halimbawa, sa pagpasok ng mga Pilipino bilang mga may-ari, kawani, at anawanser sa mga istasyon ng radyo sa bansa, nagsimula ring magpatugtog ang mga ito ng mga awiting may lirikong Tagalog at iba pang wika ng bansa (Enriquez 2008, 113). Ang mga talumpati, deklamasyon, balita, patalastas, dulang panradyo, at maging balagtas na isinasahimpapawid noong mga unang dekada ng radyo sa Pilipinas ay ginagamitan din ng mga lokal na wika ng bansa (Enriquez 2008, 116).

Ang radyo sa Pilipinas ay produkto rin ng pag-aandukha. Ayon kay Elizabeth Enriquez (2008, 5), hindi lamang ginaya ng mga Pilipino ang paggamit ng radyo mula sa mga Amerikano kundi ginamit din nila ito upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin tulad ng pagpapahayag ng kultura, paglaban sa mga mananakop, at iba pa. Aniya:

Another way to look at it is to understand how Filipinos appropriated an alien cultural practice, took it as their own, used it, explored it, and converted it for their own purposes. This way, it is possible to take the view that Filipinos did not merely adapt to a foreign practice; they appropriated it and reinterpreted it for their needs and even turned into assets the skills and abilities they acquired in the production and reception of radio programs, which increased their competencies in the cultural field of mass media (Enriquez 2008, 5).

Maituturing namang kultural na asimilasyon ang pagtanggap ng mga Pilipino sa pagsasahimpapawid at pakikinig sa radyo bilang parte ng kanilang araw-araw na pamumuhay. Sa katunayan, nagkaroon na ng maraming papel at tungkulin ang radyo sa Pilipinas. Bukod sa pagbabalita ng mahahalagang pangyayari at impomasyon, naging kasangkapan ito sa komunikasyong pangkrisis (Maslog 2015, 117-118) at pakikibaka (Enriquez 2006, 129), daan upang maisakatuparan ang “*democratic communication*,” at pagpapahayag ng mga suliranin at alalahanin ng mga tagapakinig ng radyo na may kinalaman sa kanilang pamumuhay (Tabing 2012, 28), at iba pa.

Sa katulad na pananaw, kinikilala sa artikulong itong ginamit ng mga prodyuser, direktor, manunulat, anawnser, at iba pang kawani ng mga istasyon ng radyo sa lunsod ng Baguio, pati na rin ng mga may-ari nito, ang radyo upang kasangkapanin ito sa pag-abot ng iba't ibang layunin. Ang radyo, na maituturing na kultural na produkto mula sa Kanluran, ay nagkaroon ng lokal o katutubong konotasyon na batay sa kung paano ito nagamit ng mga taga-Baguio.

Ang saliksik na ito ay naglalayong taluntunin ang kasaysayan ng pag-aangkin ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa radyo sa Baguio at Benguet upang maipalaganap at mapalawig ang popularidad ng kanilang mga lokal na awiting *country*. Karagdagan pang tatalakayin kung paano nila ginamit ang gawaing ito upang maipahayag ang kanilang kultura, paniniwala, at identidad.

Mga Kasaysayan ng Radyo sa Baguio

Ang mga kasaysayan ng Pilipinas ay matagal nang nakasentro sa mga naratibo at pangyayari sa Metro Manila at mga katabi nitong pook. Ayon kay Maria Nela Florendo (2003, 36), nagdudulot ito ng iba't ibang hamon. Isa na rito ang nakakaligtaang masiyasat ng mga historyador ang papel ng mga probinsya na nasa labas ng Metro Manila:

A Manila-centric national history imposes a degree of imperialism that obscures the actual roles of the periphery. This Manila-centric orientation has trickled down to local histories such that local histories have simply tried to translate the so-called “national events” to geographic settings. This has suppressed creativity in local histories, particularly in the generation of their own nodal points and periodizations... The farther the physical context from Manila the greater the opportunity for invisible historical figures to surface” (Florendo 2003, 36).

Dito pumapasok ang kahalagahan ng pagtuklas sa mga *kasaysayang pampook*. Ang mga *kasaysayang pampook* ay mga “*salaysay hinggil sa nakaraan ng isang partikular na pook na may saysay para sa sinasaysayang salinlahi*” (Navarro 2012, 32). Ang mga paksang maaaring sumailalim dito ay “ang kasaysayan ng sariling barangay, bayan, lalawigan, at/o rehiyon na ‘bahagi ng *higit na masaklaw na kasaysayang bayan*” (Navarro 2012, 34). Ipinanukala ni Adonis Elumbre ang kahalagahan ng *kasaysayang pampook*. Aniya, “masusukat ang katatagan ng pagkakakilanlang Pilipino bilang isang kabuuan kung umaagos ito mula sa batis ng magkakaiba at magkakaugnay na karanasan ng mga bayang bumubuo rito...” (Elumbre 2012, 427).

Dagdag pa rito, ang mga *kasaysayang pampook* na magmumula sa iba't ibang lalawigan at bayan sa labas ng Metro Manila ay makatutulong sa pagtuklas ng mas malalim na pananaw sa kabuuang kasaysayan ng bansa. Iginiit ni Emmanuel Franco Calairo:

Upang mapag-aralan ang kolektibong identidad ng mga Filipino ay nararapat na pagtuunang pansin ang kalipunan ng mga karanasan ng bawat rehiyong at lalawigan. Ang kasaysayang lokal, bilang bahagi ng higit na malaking pambansang kasaysayan, ay nagbibigay ng konkretong ebidensiya tungkol sa damdamin, kaugalian at pakikihamok ng bawat grupo ng tao. Kung mapag-aaralan ang kasaysayan ng bawat grupo at lalong maiintindihan sa lebel nasyonal ang kanilang naging o magiging partisipasyon sa pagbuo ng nagkakaisang bansa. Dahil sa mga detalye na nakukuha sa bawat rehiyon, lalawigan o bayan ay higit na lalawak ang pananaw at maipapaliwanag ang kolektibong mentalidad ng mga Filipino na magbubunsod sa pagkakaisa ng bawat naninirahan sa buong Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsulat ng mga kasaysayang pambayan ay higit na lalinaw ang naging bahagi ng isang lalawigan sa pambansang karanasan (Calairo 2011, 2).

Itinala rin ni Elumbre ang *kasaysayang pampook* bilang sabfild o sablarangang ng *Bagong Kasaysayan* na maituturing na “batis at metodolohiya ng balidasyon, pagpapalawak, at pagpapalalim ng kasaysayang Pilipino” at bilang kasangkapan na makakatulong sa pagsasakatuparan ng “pagsasakapangyarihan ng mga bayan,” at sa “indibidwal at institusyunal na mga pagpupunyagi sa bawat rehiyon ng bansa” (Elumbre 2012, 422).

Ang mga kasaysayan rin ng industriya ng radyo sa Pilipinas ay may kakulangan sa mga *kasaysayang pampook* mula sa mga lugar sa labas ng Metro Manila. Kung aaralin ang mga nailimbag nang libro ukol dito, hindi masyadong naaaral ang naging papel ng napakaraming istasyon ng radyo sa buong Pilipinas. Isa sa mga hindi nasasakop ng mga kasaysayang ito ang mga nasa lunsod ng Baguio.

Kauna-unahang nailathalang kasaysayan ng radyo sa Pilipinas ang artikulong “Philippine Radio: History and Problems” na isinulat ni John Lent (1968) para sa *journal* na *Asian Studies*. Nakasentro ang naratibo nito sa mga nangyari sa Metro Manila. Ang iba pang lunsod na kanyang isinama ay Cebu, Cagayan de Oro, at Davao lamang.

Sa mga isinulat ni Enriquez tulad ng *Radyo: An Essay on Philippine Radio* (2003) at *Appropriation of Colonial Broadcasting: A History of Early Radio in the Philippines, 1922-1946* (2008), panandalian lamang na nabanggit ang Baguio dahil isa ito sa mga lugar kung saan nagtayo ng mga *relay station* ang *Philippine Islands A Manila*, ang istasyon ng radyo ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang mga kasaysayan ng lunsod ng Baguio ay may kaparehong sitwasyon din ng mga kasaysayan ng industriya ng radyo nito. Ang mga madalas na natalakay tungkol sa mga ito ay ang kanilang simula. Karamihan sa mga kasaysayan ng lunsod ay tungkol sa mga pangyayari at iba pang detalyeng naganap noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ayon pa kay Jose Mathew Luga:

Mababatid nating may malalim na pagkilala sa maagang kasaysayan ng Baguio, pero ito rin ang kahinaan ng historiograpiya ng lunsod, dahil matapos nito, mangilan-ngilan na lamang ang pag-aaral na nagbibigay-atensyon sa kasaysayan nito noong (panahon) ng pamahalaang Komonwelt, pananakop ng Hapon, at ang panahon pagkaraan ng digmaan (Luga 2016, 150).

Gaya ng mga kasaysayan ng Baguio, ang iilang tumatalakay sa kasaysayan ng radyo sa lunsod ng Baguio ay nakasentro lamang sa simulain nito. Ang mga kasaysayang ito ay matatagpuan lamang sa *History of Philippine Radio Stations* na inilathala ng *Broadcast Media Council* (BMC) at *Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas* (KBP) noong 1979 at sa artikulong may pamagat na “The Members of the Fourth Estate: An Analysis of the Role of Baguio Media through the Years” na isinulat ni Alah Soledad Sungduan (2014). Kasama sa nilalaman nito ang isang maikling kasaysayan ng radyo sa Baguio, ngunit ang mga kabilang lang dito’y ang kanyang pagtukoy kung ano ang kauna-unahang istasyon ng radyo sa lunsod at kung ano ang kauna-unahang dramang panradyo doon (Sungduan 2014, 40). Ang mga pangyayari at iba pang detalye mula sa ibang panahon ay hindi na naisama.

Isa sa mga unang nakagawa ng kasaysayan ng radyo sa Baguio ang BMC at KBP (1979) sa pamamagitan ng librong *History of Philippine Radio Stations* na nagtatampok ng mga kasaysayan ng mga lokal na istasyon ng radyo sa iba’t ibang probinsya sa Pilipinas. Tumatalakay lamang ang mga naratibong nakapaloob dito kung kailan nagsimula ang bawat istasyon ng radyong itinayo sa Baguio mula sa huling bahagi ng dekada 1950 hanggang 1979. Itinatampok din nito ang mga pangalan ng mga nagtayo, mga unang kasapi, at ilang pagpapalit ng pamumuno ng mga istasyong iyon. Ang mga nilalaman nito’y may kakulangan na hindi naman lingid sa kaalaman ng mga may-akda. Ilan sa mga nilalaman nito’y may pahiwatig ng *bias*. May mga istasyon ding hindi naisama sa libro. Ayon sa kanila:

It is the purpose of the Broadcast Media Council and the Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas in integrating this history, to preserve the long traditions and development of provincial broadcasting. In so-doing, we have requested every station to present its individual history in an objective as tone as possible. But then, you may still find personal judgments embodied

herein... Our history does not pretend to be comprehensive nor up-to-date, since it had to rely merely on general knowledge about stations that had come and gone since 1930. It would have been ideal too to have included the history of all radio stations in the country, but the staff could only work from data contributed by prompt stations (BMC at KBP 1979, 1).

Bukod sa kakulangan sa bilang ng mga kasaysayan ng radyo ng Baguio, may kakulangan din sa bilang ng mga pag-aaral kung paano ginamit ng mga katutubo sa Kordilyera ang radyo upang ipahiwatig sa mga tagapakinig ang kanilang sariling kultura at identidad. Sa ngayon, si Fong (2014) pa lamang ang nag-aaral kung papaano ginamit ng mga taga-Kordilyera ang radyo. Dahil dito, hangarin ng artikulong itong gumawa ng unang hakbang upang mapunuan ang mga kakulangang ito.

Muli, layunin ng saliksik na itong ipakita ang kasaysayan kung paano inangkin ng mga pangkat-etniko mula sa Baguio at Benguet ang pagsasahimpapawid o radyo upang maangat ang popularidad ng kanilang mga gawang lokal na awiting *country*. Tinitingnan din ng artikulong ito kung paano ginamit ng mga tagapamahala ng mga istasyon ng radyo sa Baguio ang mga ito upang palawigin pa ang kanilang bilang ng mga tagapakinig. Bukod para rito, binibigyang-pansin din ng artikulong ito ang iba pang dahilan ng mga istasyon ng radyo sa Baguio sa pagsasahimpapawid ng mga ito.

Metodo ng Pananaliksik

Ang metodo ng pananaliksik na ginamit sa pagbuo ng kasaysayang ito ay ang di-pormal na panayam sa mga pangunahing impormante na pawang beterano at kasalukuyang nagtatrabaho sa mga istasyon ng radyo sa Baguio na nagpapatugtog ng mga lokal na musikang *country* mula sa Kordilyera (tingnan ang Hanayan 1).

Makakatulong ang panayam bilang metodo sa pananaliksik ng kasaysayan dahil nakakapagbigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa inaaral na paksa. Ayon kay Heidi Gloria:

Oral history interviews are valuable as sources of new knowledge and perspective about the past. They are especially fruitful in the sense that they provide in-depth data that are otherwise unavailable from the traditional methodologist. Getting underneath the statistical summaries of the National Census and Statistics, government reports or corporate files had been unrewarding until the use of the interview method in oral history (Gloria 2011, 28-29).

HANAYAN 1

Listahan ng mga Kawani at Anawnser ng mga Istasyon ng Radyo sa Baguio na Nagsasahimpapawid ng Lokal na Musikang Country

Pangalan	Mga Kinabilangang Istasyon ng Radyo	Trabaho sa mga Istasyon ng Radyo
Jimmy “Lolo Doro” Luzano	DZWX, <i>Nation Broadcasting</i> DZWX, <i>Bombo Radyo Baguio</i> DWUB, <i>Z-Radio</i>	Dating manunulat at anawnser Dating <i>Station Manager</i> Kasalukuyang anawnser
Edong Carta	DZWX, <i>Bombo Radyo Baguio</i> DWUB, <i>Z-Radio</i>	Dating anawnser at <i>Station Manager</i> Kasalukuyang anawnser
Lourdes Gomeyac	DZWT at DZWR DWUB DWLY	Dating anawnser Dating anawnser Dating anawnser
Atty. Domitilo Pineda (+)	RPN-DZBS DZBW DZWT	Dating anawnser Dating anawnser Dating anawnser at <i>Station Manager</i>
Leticia “Letlet” dela Cruz	DWSK, <i>K-Lite Baguio</i>	May-ari ng istasyon
Reynaldo Laureano	DWUB, <i>Z-Radio</i>	<i>Station Manager</i>
Jordan Tablac	DZWX, <i>Bombo Radyo Baguio</i>	Kasalukuyang anawnser
Carmelo Rapanut	DZWT at DZWR	<i>Technical Supervisor</i>

Ilan pa sa mga pangunahing sanggunian para sa pagbuo ng kasaysayang ito ang mga dokumento mula sa mga istasyon ng radyo sa Baguio at mga balita, artikulo, patalastas, at litrato mula sa mga lumang diyaryo. Ilan sa mga diyaryong naging sanggunian ay ang *Baguio Midland Courier*, *The Gold Ore*, at *Sunstar Baguio*. Mahalaga ang pagkalap at pagsusuri ng mga dokumentong ito dahil maituturing ang mga itong tahimik na “*eyewitness testimony of an event*” (Boncan 2011, 15).

Saklaw na Panahon ng Pag-aaral

Ang mga saklaw na taon ng kasaysayang ito ay mula 1960 hanggang 2015. Ang taong 1960 ang panimulang punto ng naratibo nito dahil sa taong ito unang nagsasahimpapawid ang DZBL, ang pangalawang istasyon ng radyo na naitayo sa lunsod ng Baguio, na mayroong programang nagpapatugtog ng mga musikang *country*. Bagama’t noong 1959 naitatag ang kauna-unahang lokal na istasyon ng radyo na DZBS sa lunsod ng Baguio, walang natamong impormasyon o rekord mula sa mga *archive* at panayam ang awtor ukol sa mga unang naging laman o mga programa nito. Nagtapos ang kasaysayang ito sa taong 2015 kung kailan nag-umpisang sumubok ang ilang istasyon ng radyo sa Baguio na gawin ang *livestreaming* ng kanilang mga programa sa Internet.

Sumunod namang nagtayo ng korporasyon ng radyo ang pamparing kongregasyong *Congregatio Immaculati Cordis Mariae* (CICM) noong 1966 (BMC at KBP 1979, 91). Ito ang *Mountain Province Broadcasting Corporation* (MPBC). Layunin ng pagkakatatag ng korporasyong ito na ipakalat ang Katolisismo-Kristiyanismo sa mga lalawigan ng Benguet, Mountain Province, Ifugao, Kalinga, at Apayao. Ang pagkakatatag ng MPBC ay maituturing na isa sa mahahalagang ikutang pangyayari sa kasaysayan ng pagsasahimpapawid ng mga lokal na musikang *country* na gawa ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa lunsod ng Baguio dahil isa ito sa mga korporasyong nangunang magpatugtog ng mga nasabing uri ng awitin.

Naunang itinayo ng MPBC noong 1966 ang kanilang istasyon sa FM *bandwidth* na DZWR na unang nakapuwesto sa loob ng Saint Louis University, ngunit nang sumunod na taon, nagdesisyon silang lumipat sa AM *bandwidth* upang palawakin ang kanilang abot. Dahil dito, isinilang ang DZWT 540 (Baguio Midland Courier 1968, 13; Shakilan 2012, 2). Sa pamamahala ng pari mula sa CICM na si Fr. Hugo Delbaere (tingnan ang Larawan 2), ginawang musika at balita ang pokus ng nilalaman ng istasyon.

LARAWAN 2

Isang Walang Petsang Litrato ni Fr. Hugo Delbaere sa Loob ng Studio ng MPBC



Litrato kaloob ng pamunuan ng *Mountain Province Broadcasting Corporation* (MPBC).

Sa pagpasok ng dekada 1970, nagsimula nang magpatugtog ang ilang istasyon ng radyo sa Baguio ng mga awiting *country* ng mga musikero at mang-aawit na Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano mula sa Kordilyera. Ipinagpatuloy ito ng mga istasyon ng radyo noong panahon ng Batas Militar bilang pagsunod ito ng pagpapatupad ng BMC ng *Resolution No. 75-31* na nag-uutos sa mga istasyon ng radyo na may mga programang may *music format* na magpatugtog ng musika mula sa Pilipinas bawat *clockhour* (Pineda 2016; NMPC 1979; Aniceto 2007). Ayon kay Enriquez (2003), ang resolusyong ito ang nakatulong upang umangat ang popularidad ng *Original Pilipino Music* (OPM) sa bansa.

Kasama sa mga pinatutugtog ng istasyon sa mga panahong ito ay ang mga lokal na awiting *country* ng mga mang-aawit mula sa Benguet tulad nina Rod Danggol at Eufronio “Morr Tadeo” Pungayan. Nagbigay-daan ito sa pagpapalaganap at pagpapakilala ng mga awiting gumagamit ng mga wikang Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano.

Samantala, ang RPN-DZBS naman ay nagpatugtog din ng mga awitin nina Rod Danggol, Morr Tadeo, at iba pang baguhang lokal na mang-aawit sa pamamagitan ng kanilang programa na *Midday Jamboree* (Fong 2014, 281).

Paghahanap ng Bagong Tugtugin: Pagsisimula ng 99.9 Country

Isa na marahil sa dahilan ng paglago ng pagsasahimpapawid ng lokal na mga awiting *country* sa Baguio ang tuluyang pagkiling ng MPBC, lalo na ng kanilang istasyon na DZWR, sa gawaing ito. Ibinalik ng MPBC ang pagpapatakbo ng kanilang pasilidad para sa FM *bandwidth* noong 1977 upang madagdagan ang kanilang makakasangkapan upang maipakalat ang Katolisismo-Kristiyanismo sa rehiyon. Simula noon, naging isang *music station* na ito (MPBC w.tn., 2). Karamihan sa mga pinapatugtog dito ay mga awiting Ingles at Tagalog. Ayon kay Atty. Domitilo “Domie” Pineda, isa sa mga dating *station manager* ng MPBC, nagpapatugtog sila ng apat o higit pang OPM bawat *clockhour* ng kanilang mga programa bilang pagsunod *Executive Order No. 255* ng dating Pangulong Corazon Aquino na ipinatupad simula noong 1987 (Aquino 1987; Pineda 2016).

Habang ginagawa ito ng MPBC, may mangilan-ngilang istasyong nagpatuloy sa pagpapatugtog ng mga lokal na awiting *country* sa buong dekada 1980. Halimbawa, ipinagpatuloy ng RPN-DZBS ang pagpapatugtog ng mga ito maging sa dekada 1990 sa pamamagitan ng programa ng isa sa kanilang *disc jockey* na si Lakay Tinong Lardizabal (Fong 2014, 284).

Taong 1995 nang maisipan ng kanilang dating tagapamahala ng istasyon na DZWR ng MPBC na si Atty. Pineda (2016) na tuluyang palitan ang *format* ng kanilang istasyon.

Bago ito naging kaisa-isang “*full country music station*” sa buong Pilipinas, nagpapatugtog muna ang DZWR ng mga musikang *pop* bilang pangunahing nilalaman ng kanilang mga programa (Gomeyac 2013). Ayon sa isang tampok na artikulo ni Vincent Cabreza sa *The Gold Ore*:

[Domitilo] Pineda’s station WR has plunged into a pure adult market playing skittish jazz standards and popular ditties to snatch the AB professional markets (Cabreza 1992, 10).

Subalit, ayon kay Lourdes Gomeyac (2013) na dating anawnsar sa DZWR, nang simulang gamitin din ito ng ibang istasyon ng radyo sa Baguio, bumaba ang bilang ng kanilang mga tagapakinig. Noong panahong iyon, natamo ng DWHB ang tinatawag na “*bakya crowd*” o masa ng Baguio habang nakuha ng DWSK *K-Lite* ang pagkiling ng mahihilig sa mga awitin na lumabas noong mga nakaraang dekada. Ang DZYS *KISS FM* nama’y nagpapatugtog ng musikang *jazz* at ang DWLY *Radio Romance* nama’y nagsahimpapawid ng mga awiting ukol sa pag-ibig (Cabreza 1992, 10).

Ikinuwento ni Gomeyac (2013) na upang bigyang-solusyon ang problemang ito, iminungkahi ng isang kinatawan ng MPBC sa Metro Manila ang pagpapatupad ng *niche programming* sa DZWR. Bilang tugon sa mungkahing ito, nagpasiya ang mga namamahala ng istasyong gawing pangunahing nilalaman ng kanilang mga programa ang OPM, kasama na ang *Pinoy disco*. Kasama sa pagpapatupad ng pagsasahimpapawid ng OPM sa istasyon ang mahigpit na pagsunod ng mga *disc jockey* o anawnsar sa ibinibigay na “*recommended playlist*” mula sa mga tagapamahala (Gomeyac 2013).

Sa mga panahong ito, naging isa sa mga *disc jockey* ng istasyon si Lourdes Fangki na kilala ngayon bilang Gomeyac. Binansagan siyang “*Cordillera Songbird*” dahil sa pagtangkilik ng mga taga-Baguio at Benguet sa kanya at sa kanyang mga lokal na awiting *country*. Ang kanyang programa sa DZWR ang nagsilbing inspirasyon sa muling pagpapalit ng *genre* ng istasyon. Ayon kay Gomeyac (2013), madalas niyang hindi sinusunod ang *recommended playlist*. Bilang kapalit ng awiting OPM, pinapatugtog niya ang mga awiting *country* mula sa Amerika at sa Benguet, kasama na ang kanyang mga sariling awitin. Iginiit niyang kaya niya pinatugtog ang mga awiting iyo’y dahil gusto niyang maaliw ang kanyang mga tagapakinig. Idinagdag niyang noong panahong iyo’y popular ang mga awiting *country* na nagmula sa Amerika at sa Benguet. Dahil sa hindi niya pagsunod sa *playlist* na ibinibigay ng mga tagapamahala ng istasyon, madalas siyang pagsabihan ng mga nakatataas sa kanya. Aniya, nagulat ang pamunuan ng MPBC nang lumabas ang resulta ng pag-aaral ng KPB na tumanggap ang kanyang programa ng mataas na bilang ng tagapakinig sa kanyang oras ng pagsasahimpapawid. Idinagdag ni Gomeyac (2013) na dahil dito, nagpatawag ng pagpupulong si Pineda upang pag-usapan ang kanilang balak na pagpapalit ng format.

Dahil dito, nagpunta sa Amerika si Pineda upang obserbahan ang ilang istasyong *country* doon. Kanyang inaral ang operasyon at iba't ibang prosesong isinasagawa at pinagdadaan ng mga istasyon doon upang malaman ang pinaka-epektibong paraan sa pagpapatakbo ng isang istasyong *full country* (Gomeyac 2013; Pineda 2016).

Noong panahon ding iyon, nagpapatugtog na rin ng mga awiting *country* mula sa Amerika ang istasyong DWSK *K-Lite Baguio* tuwing 12:00 hanggang 1:00 ng hapon. Isa ito sa mga dahilan kung bakit tumaas ang bilang ng mga tagatangkilik ng nasabing istasyon ng radyo (Dela Cruz 2017). Ayon kay Leticia “Letlet” dela Cruz (2017), ang nagmamay-ari ng nasabing istasyon, nagpaalam mismo si Pineda sa kanya kung maaaring gamitin ang musikang *country* upang maging pangunahing *genre* ng DZWR. Kanya naman itong pinahintulutan.

Ang unang ipinangalan ng mga namamahala ng DZWR sa kanilang bagong *full country station* ay *Magic 99.9*. Ginaya ang pangalang ito sa pangalan na may kaparehong format sa Estados Unidos. Sa kalaunan, ginawa itong *99.9 Country* upang maiwasan ang anumang suliraning legal (Gomeyac 2013). Sa unang mga linggo ng DZWR bilang isang istasyong *full country*, nakakalap ito ng positibong pagtanggap mula sa mga tagapakinig ng radyo sa Baguio. Ayon kay Pineda (2016), “nasapawan (ang ibang istasyon) doon kasi naging *number 1* bigla iyon.”

Simula noon, idineklara na nila ang kanilang istasyon bilang “*country authority*” sa lunsod at maging sa rehiyon ng Kordilyera. Ayon sa kanilang *portfolio*:

99.9 Country’s main identity is of course country music. We are known as a country station and we are the country authority. 99.9 (FM) is synonymous to country music. Every personnel in the station therefore, feels, behaves, looks, smells, thinks, eats, walks, breathes, hears country. It has to be that way in order to differentiate our self from the other stations who are trying to mix (Folk Rock Country) in their format. Folk and rock music are the first cousins of country music, and so we have them in the program format as segments or as special programs. We are truly the Baguio radio station because we are thorough bred (MPBC 2008, 2).

Bilang pagsunod sa kanilang ipinapahayag na identidad bilang istasyon, nagpapatugtog sila ng mga *slow rock* na kanilang itinuturing na “pinsan” ng musikang *country*. Kasama rin sa kanilang ipinapatugtog ang mga awiting *pure country* na nagtatampok sa mga awitin ng mga maituturing na mang-aawit ng mga *classic Western Country* tulad nina Marty Robbins at Patsy Cline. Kasama na rin dito ang mga makabagong mang-aawit ng *country* tulad nina Keith Urban at Carrie Underwood (MPBC 2008, 3).

Kanilang isinaad sa kanilang portfolio na sila'y nagpapatugtog ng mga awitin ng mga banda at mang-aawit mula sa Metro Manila tulad nina Freddie Aguilar, Apo Hiking Society, Asin, Florante, at Coritha dahil sila'y maituturing na umaayon sa *genre* na *Pinoy Folk Rock Country* (FRC). Ang mga lokal na awiting *country* naman mula sa Baguio at Benguet na ginawa ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano ay kasama rin sa mga programa ng istasyon na nagtatampok sa mga *Pinoy FRC* (MPBC 2008, 3).

Ilan sa kanilang mga programa na nagpatugtog ng mga lokal na awiting *country* mula sa Baguio at Benguet ay ang *Country Crossroads* na ipinapasahimpapawid noong 2008 mula Lunes hanggang Biyernes tuwing 12:00 hanggang 3:00 ng hapon at *Folk Heroes* na naririnig tuwing Linggo sa ganap na 4:00 hanggang 6:00 ng gabi (MPBC 2008, 6-9).

Bukod sa pagpapatugtog ng mga nairekord na mga lokal na awiting *country*, binibigyan din ng oportunidad ng DZWR na makilala ang mga bagong usbong at mga di pa nadidiskubrenang mang-aawit ng *country* sa lalawigan ng Benguet. Halimbawa nito ang patimpalak ng MPBC na pinamagatang "*Search for the Most Wanted Cowboy and Cowgirl Star*" noong taong 2005. Ang huling pagtatanghal kung saan ginawaran ang mga nanalo ay isinahimpapawid sa DZWT at DZWR. Karamihan sa mga dating sumali sa kompetisyon ay nagtayo ng kanilang sariling grupong kanilang pinangalanang MPBC *Kinnoboyan Band*. (Fong 2007, 112; Catalino 2009). Kinabibilangan ito nina Junie Rey Bagayan, Gelasio Biray, Christopher Longalong, Heintjie Pis-oy, Stephen Lael Senio, at iba pa.

Gawain ng Iba Pang Istasyon

Sa gitna ng paggamit ng DZWR ng musikang *country* bilang kanilang pangunahing nilalaman, nagpatuloy pa rin ang ilang istasyon sa pagpapatugtog nito.

Ang DWSK *K-Lite Baguio* naman na pinapamahalaan ng *Beta Broadcasting System* na pag-aari ni Letlet dela Cruz ay mayroong patimpalak na nag-aanyaya sa mga banda o *solo* na mang-aawit upang magpatugtog ng kanilang mga awitin. Ang pamagat nito'y *K-Lite Acoustic Idol Original Version*. Ayon kay Dela Cruz (2017), bagama't hindi mga lokal na *country* ang pokus ng patimpalak na ito, may mga kasaling banda at mang-aawit na nagpapatugtog ng *genre* na ito. Sa kanyang pagkakaalala, higit sa tatlong bandang nagpatugtog ng awiting *country*, na ginamitan ng wikang Ibaloi, ang nakasali sa kompetisyon. Isa sa kanila ang bandang *Adi* na nagpatugtog ng kanilang awiting *Malasmas* (Dela Cruz 2017).

Sa taong 2006 naman, nagsimulang magsahimpapawid ang DWUB *Z-Radio*. Iginawad ng Kongreso ng Pilipinas ang prangkisa upang magpatayo at magpatakbo ng isang istasyon ng radyo sa Baguio sa dalawang pamilya—ang mga Bautista na kinakatawan ni Dr.

Virgilio Bautista at mga Cosalan na kinakatawan ni Ronald Cosalan—na parehong prominenteng angkan sa Baguio. Makalipas ang ilang buwan, ibinenta ng mga Cosalan ang kanilang bahagi sa kompanya sa mga Bautista (Laureano 2013).

Sa taong 2007, umupa ng *air time* sa istasyon si Gomeyac upang ipasahimpapawid ang kanyang sariling programa at upang magkaroon siya ng kalayaan sa nilalaman at format nito. Kanyang inokupahan ang *time slot* na 5:00 hanggang 8:00 ng umaga kung kailan pinapatugtog niya ang iba't ibang awitin. Kasama na rito ang kanyang sariling mga lokal na awiting *country*. Matapos ang halos isang taon, itinigil ni Gomeyac ang kanyang programa dahil hindi na niya ito masiyadong maharap dahil sa kanyang mga *gig* o mga *concert* sa loob at labas ng Pilipinas (Gomeyac 2013).

Ang tatlo na pinaka-aktibong nagpapatugtog ng mga lokal na awiting *country* sa kanilang mga programa sa *Z-Radio* sa kasalukuyan ay ang mga anawanser na sina Fernando “Uncle Pandong” Balaodan sa kanyang programang *Good Morning Cordillera ken Ilocandia* at Jimmy “Lolo Doro” Luzano at Edong Carta sa kanilang programang *Tambalang Edong Carta at Jimmy Luzano*.

Sumunod sa pag-upa ng dating *time slot* ni Gomeyac si Balaodan na isa ring dating anawanser sa *99.9 Country*. Ang wikang kanyang ginagamit sa kanyang programa ay Ilokano, Kankana-ey, at Tagalog. Kasama sa ginagawa ni Balaodan ng *Good Morning Cordillera ken Ilocandia* bukod sa pagbabalita at serbisyo publiko ang pagpapatugtog ng awiting *country* mula sa Benguet. Kanyang pinagbibigyan ang mga pakiusap ng mga lokal na banda at mang-aawit ng *country* upang patugtugin ang kanilang musika sa kanyang programa basta orihinal ang kanilang mga tono upang hindi sila makasuhan ng *copyright infringement* (Balaodan 2013).

Noong 2011 naman nagsimulang maisahimpapawid ang *Tambalang Edong Carta at Jimmy Luzano* na pagmamay-ari ng *E-Carta Media Productions*. Inupahan ng kompanyang ito ang *time slot* mula 8:00 hanggang 10:00 ng umaga sa *Z-Radio* (Llanes 2012, 9). Naglalaman ang kanilang programa ng balita, serbisyo publiko, at musika. Kasama sa kanilang pinapatugtog ang mga lokal na musikang *country* dahil sa dami ng mga tagapakinig ng radyo sa Baguio na tumatangkilik dito (Carta at Luzano 2013). Sinusuportahan din nina Luzano at Carta ang ilang banda at mang-aawit ng mga lokal na musikang *country* dahil kinuha sila ng CEBBAI bilang mga konsultant. Bilang mga kasangguni ng organisasyon, kanilang tinutulungan ang mga mang-aawit at banda sa kanilang paggawa at pag-promote ng kanilang awitin (Carta at Luzano 2013).

Naipapatugtog din ang mga ito sa *DZWX Bombo Radyo*. Bagama't ang pangunahing nilalaman ng istasyon ay mga balita at serbisyo publiko, naglaan sila ng dalawang *time slot* tuwing Linggo para sa pagsasahimpapawid ng iba't ibang uri ng musika. Ang una'y

mula 12:00 hanggang 2:00 ng hapon habang ang pangalawa nama'y mula 5:00 hanggang 8:00 ng gabi (Tablac 2016). Ayon sa isa sa mga kawani at anawanser ng istasyong si Jordan Tablac (2016), marami sa kanilang mga tagapakinig ay nagbibigay ng *request* na sila'y magpatugtog ng musikang *country* mula sa Estados Unidos at ng mga awiting *country* na nilikha ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano.

Online Livestreaming ng mga Istasyon

Noong 2015, nagsimula nang magdagdag ng serbisyong *online livestreaming* ang ilang istasyon ng radyo sa Baguio. Sa lahat ng mga istasyon ng radyo na nagpapatugtog ng lokal na musikang *country* sa Baguio, ang mga sumubok nang gumawa nito'y ang dalawang istasyon ng MPBC at DZWX *Bombo Radyo*. Kanila itong ginawa upang mapalawig pa ang bilang ng kanilang mga tagapakinig mula sa Baguio at maging sa ibang rehiyon ng Pilipinas at sa ibang bansa (Rapanut 2016; Tablac 2016). Ang DZBS *Radyo Ronda* at DWUB *Z-Radio* ay hindi pa nakakagawa nito. Ngunit si Balaodan ng DWUB ay madalas kinukunan ang kanyang sarili ng *video* at kanyang ipinapalabas ito sa kanyang pahina sa *Facebook* sa pamamagitan ng *Facebook Live*.

Sinubukan ng MPBC na magsagawa ng *livestreaming* ng kanilang mga programa mula sa DZWT at DZWR noong 2015 ngunit hindi ito nagtagal ng isang taon dahil sa kakaunti lamang ang mga tumangkilik dito. Ayon kay Carmelo Rapanut (2015), ang kasalukuyang *Technical Supervisor* ng MPBC, pinag-iisipan na rin ng pamunuan sa *99.9 Country* na palitan na ang format ng kanilang istasyon dahil nais nilang pataasin ang bilang ng kanilang tagapakinig. Samantala, tagumpay naman ang *Bombo Radyo* sa kanilang *online livestreaming* dahil tinatangkilik ito ng mga tagapakinig sa lunsod, sa ibang lugar ng Pilipinas, at sa ibang mga bansa (Tablac 2016).

PANGWAKAS

Ang pagsasahimpapawid sa mga istasyon ng radyo sa lunsod ng Baguio ng mga awiting *country* na ginawa ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano sa Baguio at Benguet ay anyo ng pag-aangkin. Nagiging ekstensyon ito ng *self-representation* ng mga mang-aawit at prodyuser ng mga awiting ito dahil binibigyan sila ng mga istasyon ng radyo ng pagkakataong maipahiwatig sa mas maraming tagapakinig ang kanilang mga kultura at identidad na nakapaloob naman sa kanilang mga awitin. Nang dahil sa radyo, nagkaroon ng karagdagang pamamaraan ang mga Kankana-ey, Ibaloi, at maging ang mga Ilokano sa lunsod ng Baguio at lalawigan ng Benguet upang maipahayag at maipamalita nang mas tama ang kanilang mga kultura, *worldview*, at identidad.

Makikita rin sa kasaysayang ito na ang pagkakaugnay ng industriya ng radyo sa lunsod ng Baguio at ng lokal na industriya ng musikang *country* sa Baguio at Benguet ay *symbiotic*. Ang paggamit ng mga istasyon ng radyo sa mga lokal na awiting *country* bilang nilalaman ng kanilang mga programa ay nakakatulong sa pagpapalawig ng popularidad ng mga ito. Sa parehong pamamaraan, nakatulong din ang mga lokal na awiting *country* sa pagpapalaki ng bilang ng mga tagapakinig ng mga istasyon ng radyo na nagpapatugtog nito.

Maaari pang mapalalim o mapalawak ang kasaysayang ito sa mga susunod na pag-aaral na maaaring gawin sa hinaharap. Isa sa mga maaaring tunguhing paksa ang politikal na ekonomiya ng pagsasahimpapawid sa mga istasyon ng radyo sa Baguio ng mga awiting *country* na isinulat at inirekord ng mga Kankana-ey, Ibaloi, at Ilokano mula sa lunsod at sa iba pang bahagi ng Benguet. Halimbawa, maaaring tingnan ng mga mananaliksik kung bakit patuloy pa ring nagpapatugtog nito ang mga istasyon ng radyo sa Baguio at bakit ito tinatangkilik ng kanilang mga tagapakinig. Bukod diyan, maaari ring siyasatin ang *kasaysayang buhay* ng mga taong nagsimula o nag-ambag sa gawaing ito.

Talahuli

* Hango ang artikulong ito sa papel na isinumite ng may-akda sa klase ng Broadcast Communication 201: Critical Histories of Broadcast Media sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, Unang Semestre, Akademikong Taon 2013-2014. Nakalap ang mga karagdagang datos sa artikulong ito sa pamamagitan ng *Cordillera Studies Center (CSC) Research Grant* ng UP Baguio para sa panukalang papel ng may-akda na may pamagat na “*Five Decades on Air: A History of Radio Broadcasting in Baguio City*” para sa taong Akademikong Taon 2016-2017. Pinasasalamatang ng may-akda ang mga kasapi ng *CSC Board*, ang Direktor ng institusyon na si Dr. Leah Enkiwe-Abayao, ang Bise-Tsanselor sa Gawaing Pang-akademiko ng UPB na si Dr. Corazon L. Abasi, at ang Tsanselor ng UP Baguio na si Dr. Raymundo D. Rovillos sa pag-apruba sa nasabing proyekto.

Sanggunian

Aniceto, Benjamin. 2007. *Stay Tuned: The Golden Years of Philippine Radio: A Historical Perspective of Philippine Radio, Its Beginnings, Its Golden Years, and Its Suppression in September, 1972*. Marikina: Rufino J. Policarpio, Jr.

Aquino, Corazon. 1987. *Executive Order 255: Requiring All Radio Stations with Musical Format Programs to Broadcast a Minimum of Four Original Pilipino Musical Compositions in Every Clockhour and for Other Purposes*. Manila: Republika ng Pilipinas.

- Ashcroft, Bill, Gareth Griffiths, at Helen Tiffin. 2007. *Post-colonial Studies: The Key Concepts; Second Edition*. London: Routledge.
- Baguio Midland Courier. 1960. Radio DZBW: Program this Week. *Baguio Midland Courier*, Pebrero 7.
- Baguio Midland Courier. 1968. Historical Highlights. *Baguio Midland Courier*, Oktubre 13.
- Balaodan, Fernando. 2013. Panayam kay Fernando Balaodan ni Jason Paolo Telles. Istasyon ng DWUB, University of Baguio, Pilipinas, Oktubre 1.
- Boncan, Celestina. 2011. Archival Sources in the Writing of Local History. *Nasa Oral and Local History Writing; Seminar-Workshop Proceedings (2007-2008)*, pat. National Historical Commission of the Philippines, 11-17. Manila: National Historical Commission of the Philippines.
- Broadcast Media Council (BMC) at Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP). 1979. *History of Philippine Radio Stations*. Manila: National Media Production Center.
- Cabreza, Vincent. 1992. Musical Chairs. *The Gold Ore*, Setyembre 19.
- Calairo, Emmanuel Franco. 2011. Historiograpiyang Lokal: Pagtatalakay sa Metodolohiya ng Pagsulat at Pagsasaliksik sa Kasaysayang Pambayan at Panlalawigan. *Nasa Oral and Local History Writing; Seminar-Workshop Proceedings (2007-2008)*, pat. National Historical Commission of the Philippines, 1-10. Manila: National Historical Commission of the Philippines.
- Carta, Edong at Jimmy Luzano. 2013. Panayam kina Edong Carta at Jimmy Luzano ni Jason Paolo Telles. Istasyon ng DWUB, University of Baguio, Pilipinas, Setyembre 30.
- Catalino, Liberty. 2009. They're Loved Because They Care. Websayt ng *Baguio Midland Courier*, <https://goo.gl/wCxIFw> (nakuha noong Abril 14, 2017).
- De Velez, Kristine Valen, Heinrich Joyce Domingo, at Lei Landicho. 2013. Recording Igorot-ness Through Igorot-made Music Videos. B.A. tesis sa Komunikasyon, University of the Philippines - Baguio.
- Dela Cruz, Leticia. 2017. Panayam kay Leticia dela Cruz ni Jason Paolo Telles. Camp Henry Allen, Baguio, Pilipinas, Enero 31.

- Elumbre, Adonis. 2012. Kasaysayang Pampook at Kasaysayang Pambansa sa Historiograpiyang Pilipino. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, 408-434. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Enriquez, Elizabeth. 2003. *Radyo: An Essay on Philippine Radio*. Pasay: Cultural Center of the Philippines.
- Enriquez, Elizabeth. 2006. Media as a Site of Social Struggle: The Role of Philippine Radio and Television in the EDSA Revolt of 1986. *Plaridel* 3, blg. 2 (Agosto): 123-138.
- Enriquez, Elizabeth. 2008. *Appropriation of Colonial Broadcasting: A History of Early Radio in the Philippines, 1922-1946*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Enriquez, Virgilio. 1976. Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon. Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*, pat. Rogelia Pe-Pua, 45-55. Quezon City: University of the Philippines Press at Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1989.
- Florendo, Ma. Nela. 2003. Voice from the Margins: Local History and Indigenous People. *The Journal of History* 49, blg. 1-4: 35-49.
- Fong, Jimmy. 2006. Pop Culture in the Philippine Cordillera. *Plaridel* 3, blg. 1: 27-52.
- Fong, Jimmy. 2007. Batawa: Constructing Identity Through Country Music in the Philippine Cordillera. Nasa *INTER: A European Cultural Studies Conference in Sweden, Norköping, 11-13 June 2007*, pat. Advanced Cultural Studies Institute of Sweden, 109-119. Linköping: Linköping University Electronic Press.
- Fong, Jimmy. 2014. Media Production Literacy as a Form of Intercultural Communication Competence: Demystifying Indigenous Peoples in the Philippine Cordillera. Nasa *Intercultural Communication Competence: Conceptualization and Its Development in Cultural Contexts and Interactions*, mga pat. Xiaodong Dai at Guo-Ming Chen, 273-292. New Castle upon Tyne: Cambridge Scholars Publishing.
- Gloria, Heidi. 2011. Oral History: An Overview. Nasa *Oral and Local History Writing; Seminar-Workshop Proceedings (2007-2008)*, pat. National Historical Commission

- of the Philippines, 27-35. Manila: National Historical Commission of the Philippines.
- Gomeyac, Lourdes. 2013. Panayam kay Lourdes Gomeyac ni Jason Paolo Telles. Barangay Engineer's Hill, Baguio, Pilipinas, Setyembre 27.
- Laureano, Reynaldo. 2013. Panayam kay Reynaldo Laureano ni Jason Paolo Telles. Istasyon ng DWUB, University of Baguio, Pilipinas, Setyembre 30.
- Lent, John. 1968. Philippine Radio—History and Problems. *Asian Studies* 6, blg. 1: 37-52.
- Llanes, Jonathan. 2012. High Rating Talk Radio Show Marks its First Anniversary. *Sunstar Baguio*, Hunyo 1.
- Luga, Jose Mathew. 2016. Mga Kuwento nina Lolo't Lola: Pang-araw-araw na Buhay sa Baguio Noong Panahon ng Hapon (1941-1945). *SALIKSIK E-Journal* 5, blg. 2: 149-189.
- Maslog, Crispin. 2015. People Power 1986: The Role of Communication in a Crisis. Nasa *Mass Media and People Power: A Brief History of Philippine Mass Communication*, pat. Crispin Maslog, 74-121. Quezon City: New Day Publishers.
- Mountain Province Broadcasting Corporation (MPBC). w.tn. Executive Summary of Historical Account of the Mountain Province Broadcasting Corporation. Manuskrito, Mountain Province Broadcasting Corporation, Baguio, Pilipinas.
- Mountain Province Broadcasting Corporation (MPBC). 2008. 99.9 Country: The Country Authority. Portfolio, Mountain Province Broadcasting Corporation, Baguio, Pilipinas.
- National Media Production Center (NMPC). 1979. *Broadcast Media Council Resolutions*. Manila: National Media Production Center.
- Navarro, Atoy. 2012. Mga Akdang Likasyan sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook sa Pilipinas. Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, 32-45. Quezon City: University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.
- Paulino, Andrew. 2015. Panayam kay Andrew Paulino ni Jason Paolo Telles. SM City Baguio, Pilipinas, Mayo 19.

- Peterson, Richard. 1997. *Creating Country Music: Fabricating Authenticity*. Chicago: University of Chicago Press.
- Pineda, Domitilo. 2016. Panayam kay Domitilo Pineda ni Jason Paolo Telles. Barangay Engineer's Hill, Baguio, Pilipinas, Nobyembre 28.
- Rapanut, Carmelo. 2016. Panayam kay Carmelo Rapanut ni Jason Paolo Telles. Istasyon ng Mountain Province Broadcasting Corporation, Fr. Carlu Street, Baguio, Pilipinas, Mayo 26.
- Rodell, Paul. 2002. *Culture and Customs of the Philippines*. Wesport, Connecticut: Greenwood Press.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2015. Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino. *Humanities Diliman* 12, blg. 2 (Hulyo–Disyembre): 110-179.
- Saboy, Scott Magkachi. 2013. Voicing Ethnicity: Traditional Referentiality and the Kalinga Ethnopop Artist. Papel na binasa sa 2013 International Seminar Workshop on Indigenous Studies Conference, Hunyo 26-28, sa Legend Villas, Mandaluyong City, Pilipinas.
- Santos, Ramon. 2015. Traditional Forms of Music. Websayt ng *National Commission for Culture and the Arts*, pinost noong Abril 15, <https://goo.gl/WRvHcU> (nakuha noong Abril 14, 2017).
- Shakilan. 2012. MPBC After 45 Years. *Shakilan*, Mayo-Setyembre.
- Sungduan, Alah Soledad. 2014. The Members of the Fourth Estate: An Analysis of the Role of Baguio Media through the Years. Nasa *The Schools Press Guidebook: A Compendium of Lectures and Articles of The School Press Advisers' Movement Inc, Volume II*, mga pat. Melanie Vloria Briones at Rowina Mandap Flores, 18-52. San Fernando, Pampanga: School Press Advisers' Movement Inc.
- Tabing, Louie. 2012. Community Radio: A Means of People Empowerment: Opportunities and Challenges. Nasa *Peoples' Voices, Peoples' Empowerment: Community Radio in Asia and Beyond*, pat. Kalinga Seneviratne, 25-31. Singapore: Asian Media Information and Communication Center at We Kim Wee School of Communication and Information, Nanyang Technological University.

Tablac, Jordan. 2016. Panayam kay Jordan Tablac ni Jason Paolo Telles. Istasyon ng DZWX, Lourdes Subdivision, Baguio, Pilipinas, Mayo 24.

Yoneno-Reyes, Michiyo. 2002. Under Attack: Mass Media Technology and Indigenous Musical Practices in the Philippines. Nasa *Global Goes Local: Popular Culture in Asia*, mga pat. Timothy Craig at Richard King, 40-57. Vancouver: UBC Press.

Yoneno-Reyes, Michiyo. 2010. Salidummay's Hybridity and Congregational Singing. *Humanities Diliman* 7, blg. 1: 24-57.